Pangalan _____ **Petsa** _____

Mga Salitang Panlunan

Panuto: Salungguhitan ang **salitang panlunan** sa bawat pangungusap.

1. Sumakay sa dyip ang matandang babae.
2. Iniwan ko ang susi sa ibabaw ng mesa.
3. Si Maria ay nag-aaral sa kanyang silid.
4. Sa garahe nag-uusap sina Tatay at Tito Ben.
5. Si Elena ay nagtatanim ng gulay sa bakuran.
6. Nagtago sa likod ng puno si Felix.
7. Nagkita sina Mina at Susan sa palengke.
8. Sa loob ng sobre ko inilagay ang sulat.
9. Bumili ako ng pandesal sa tindahan.
10. Hintayin mo sa tabi ng ilog si Tinio.
11. Nais niyang sumakay sa eroplano.
12. Nagluluto sa kusina si Nanay at si Ate Karen.
13. Sa Palawan sila magbabakasyon.
14. Natutulog ang pusa ni Lorie sa ilalim ng kama.
15. Idinaraos sa plaza ang paligsahan.

Pangalan _____ **Petsa** _____

Mga Salitang Panlunan

Panuto: Isulat sa patlang ang **salitang panlunan** na angkop sa pangungusap. Pumili sa mga salitang panlunan sa kahon.

sa daan	sa loob ng banyo	sa kama
sa kariton	sa pitaka	sa ospital
sa silid-aklatan	sa opisina	sa terminal
sa ilalim ng sopa		

1. _____ ko inilagay ang pera.
2. Magbabasa kami mamaya _____.
3. Naiwan ko ang tuwalya _____ .
4. Pumaparada _____ ang mga bus.
5. _____ niya itinipon ang mga lumang dyaryo at bote.
6. Maagang pumapasok _____ si Ginoong Reyes.
7. Nahiga _____ ang pagod na bata.
8. _____ ko nahanap ang laruan mo.
9. Tumingin ka sa kanan at kaliwa bago ka tumawid _____.
10. Ginagamot _____ ang mga batang nagkasakit.